Abril 2009 – Pahayagan ng Diyosesis ng Saitama

## Sama-samang Ipagdiwang ang Kaligayahan sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon

Diyosesis ng Saitama
Obispo Marcellino Tani Daiji

### Panumbalikin ang Orihinal na Kahulugan

Mula sa pinansiyal na krisis na nagmula sa Amerika, ang lumalaking pandama sa ekonomiya at personal na walang kasegurohan ay kumalat sa buong mundo. Dahil sa pagtanggal sa maraming temporaryong manggagawa, atbp., mga Japon at maraming migranteng manggagawa sila ay nalagay sa napakahirap na kalagayan. Nalagay sa panganib ng batayang pamilihan na ang tanging kahinaan ay pagpapahalaga ng kikitain lamang. Ipinahayag din dito na ang mga batas ng bansang Japon at patakaran ng gobyerno ay hindi tungo sa pagturing sa mga migrante bilang mga tao o mga kapatid. Sa isip ko ay maraming tao ang nakakaalam sa ganitong riyalidad.

Sa katapusan ng dumaang taon at sa simula ng taong ito, ako at ang Komisyon ng mga Obispo ukol sa mga Isyu ng Lipunan ay nagpalabas ng mga mensahe. Sa mga mensaheng ito, nakiusap kami sa mga parokya, bilang pagmamalasakit sa mga karapatang pantao at buhay ng tao, pag-usapan ang mga isyung ito tungo sa isang konkretong paggawa upang tulungan, hindi lang ang mga nawalan ng trabaho, pati na rin ang mga nawalan ng matitirhan. Kaya mayroon nang mga Parish Councils sa mga parokya ang tumanggap sa mga isyung ito at napaloob sa iba't-ibang konkretong gawain upang makibahagi at mag-alay ng tulong sa mga nangangailangan. Ikinasiya ko ang mga pag-unlad na ito. Malaking pasasalamat ko na sa kahirapan ng maraming tao, sama-sama nating natanggap ang biyayang ito galing sa Diyos na kongkretong may kinalaman sa mga problemang ito.

Ipinayo sa Sampung Utos ni Moises na, “Pabanalin ang Araw ng Pahinga” (Exodo 20:8). Sa panahon ng mga Paraon (Mga Hari) sa Ehipto, ay may sapilitang pagtatrabaho sa isang malupit na kondisyon (1:11-14), paglabag sa kalayaan sa relihiyon (5:17) at pagsasamantala sa paggawa. Ang Araw ng Pahinga ay hindi para sa pagpapalago ng kasanayan sa paggawa. Kung ang paggawa ay hindi para sa paglago ng tubo ng kita ibig sabihin hindi ito para sa pagsasamantala. Sa modelo ng Paggawa ng Diyos sa Sanilikha, may paggawa at pahinga. Sa pamamagitan ng paggawa, ang tao ay nakikibahagi sa paggawa ng Diyos sa Sanilikha, at sa pamamagitan ng Araw ng

Pahinga, mag-alay sila ng papuri at pasasalamat sa Diyos. Sa pamamagitan ng payo, “Pabanalin ang Araw ng Pahinga”, pinalaya ng Diyos ang mga hangganan ng paggawa at pahinga na pinababa ng kanilang naranasan sa gitna ng estraktura ng pananamantala at paniniil.

Sa panahon ng pang-ekonomiya at personal na walang kasegurohan, mababasa natin ang palatandaan ng panahon. Sa gitna ng lipunang may pagpapahalaga sa ekonomiya, panumbalikin natin ang dangal ng tao na ginawa sa larawan ng Diyos (Imago Dei) at muling panumbalikin sa paggawa at pahinga sa orihinal na kahulugan. Iminumungkahi ko na ating tukuyin ang mga turo ng Diyos at ang kanyang mensahe sa ating pagkaunawa sa paggawa at sa mga batas ng Japan at patakaran ng gobyerno na nakakaapekto sa mga migranteng manggagawa.

## Ang Pagtatag ng Katolikong Seminaryo sa Japan

Sa taong ito sa Diyosesis ng Saitama, si Deakono Fujita Megumi ay oordinahang pari at si Seminarista Nelson Cabasisi ay oordinahang Deakono. Sa susunod na taon, si Deakono Nelson at pitong mga seminarista ay makakatanggap ng paghubog sa seminaryo. May tatlo pang seminarista ang naghahanda sa pagpapari. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagbigay ng malaking biyayang ito sa bayan ng Diyos. Magpahanggang ngayon, mayroong dalawang seminaryo, isa sa Tokyo at isa sa Fukuoka. Mula sa taong ito ang dalawang seminaryong ito ay pagsasamahin at makikilala bilang “Katolikong Seminaryo ng Japan”. Sa taong ito ay mayroong 48 na mga seminarista na hinuhubog. Mas mabuti na ang mga seminarista na susuporta sa kinabukasan ng Simbahan ay mahuhubog sa isang lugar lamang.

Subalit, sa pagkakaisang ito, ang pinansiyal na kontribusyon na aakuin ng Diyosesis ay tataas ng may higit 2,000,000 yen. Ang kabuuan ng halaga ng paghubog ng Diyosesis sa 2008 ay 18,000,000 yen, kailangang gumugol ng 20,000,000 yen para sa paghubog sa 2009. Ang halagang ito ay nalikom sa pamamagitan ng mga kontribusyon ng mga miyenbro ng “One Grain of Wheat” Support Association, ang kontribusyon ng mga parokya para sa “Seminary Fund” at sa mga interes ng mga moveable assets ng Diyosesis, atbp. Sa 2008, sa pamamagitan ng inyong kooperasyon, ang “One Grain of Wheat” Support Association ay nag-ambag ng 6,000,000 yen at ang “Seminary Fund” ay 4,000,000 yen. Nais ko na sa kinabukasan ay maaring suportahan ang paghubog ng mga seminarista sa pamamagitan ng “One Grain of Wheat” Support Association at ng “Seminary Fund”.

Nais ko na ang membership sa “One Grain of Wheat” Support Association ay lalago sa isang tao sa bawat panahon, upang makasali ang maraming tao. Nakiusap

ako sa mga miyembro na magsalita sa iba't-ibang pagtitipon upang hikayatin ang maraming tao na sumali sa asosasyon. Dagdag dito, nakiusap ako na himukin ang kooperasyon sa mga parokya upang mag-ambag sa "Seminary Fund". Sa ating pagkakaisa sa ganitong mga adhikain, nakiusap ako na ipagdasal ninyo ang mga seminarista at mga aspirante.

**Iba't-ibang Ebento na gaganapin sa Diyosesis**

Sa Pebrero, sa West Block ng Ibaraki Prefecture, ang Joso Church ay itinayo. Sa Marso, sa South Block ng Tochigi Prefecture, isang bagong Simbahan para sa Kami no Kawa Parish ay kinonsagrahan. Nagpasalamat ako sa kooperasyon sa iba't-ibang block at mga panalangin at suporta ng lahat ng mga parokya ng Diyosesis ng Saitama.

Sa nalalapit na ika-70 Anibersaryo ng Pagkatatag ng Diocese Commemorative Event, ang "Block versus Block Mini-Soccer Meet" (Mayo 4) ay may papremyong pera ang ihahandog at salamat sa kontribusyon ng Capuchin Friars. Ang Utsunomiya Star of the Sea Girls School ay naghandog ng kanilang grounds para sa paligsahan. Ang bawat block, kahit sa kahirapan ng panahon, ay naghanda para sa Mini Soccer Meet. Ang papremyong pera ay ibibigay din sa mga grupo na mag-cheer sa kanilang teams, kaya dumalo sa ebento na ito. Dapat magsaya ang lahat.

Ang Justice and Peace Commision Saitama National Convention (Oct. 10-12)

Sa taong ito, walang ibang Diyosesis na naging host sa ganitong Kumbensiyon, kaya sa pamamagitan ng kooperasyon ng Omiya Church at ng ibang mga tao sa ibang parokya, ang Diyosesis ng Saitama ang naging host. Ang Coordinating Committee para sa Kumbensiyon ay patuloy na naghahanda na isinaisip ang, "Gumamit ng madaling maintindihang lengguwahe at ihanda ang Kumbensiyon upang makadalo ang lahat". Mayroon isang slogan, "Peace and Justice for Aunts and Uncles" ngunit tinanggal ito baka mahirapan ang mga kabataan na dumalo. Ngunit ang buod ng slogan na ito ay isinaisip pa rin kaya ang paghahanda ay ipinagpatuloy. Kahit sa anong paraan, nais ko na maraming mga kabataan ang dadalo sa Kumbensiyon. Magkakaroon ng maliliit na grupong magbabahaginan sa iba't-ibang paksa na gagawin sa iba't-ibang parokya. Kung ang mga pagpupulong na ito ay magiging okasyon sa pagtitipon sa isang hapag at sama-samang mag-aral, ikakasiya ko ito ng lubusan.

Ang "Diocesan Convention" (Nob. 23) ay ginampanan ng dalawang blocks, ang North at East Blocks ng Saitama Prefecture at gaganapin sa Fukaya. Bilang hakbang sa paghahanda para sa "Diocesan Convention", narinig ko na ang "Journey with the Scriptures" ay isinaplano. Mula 1992, isang beses sa dalawang taon, ang mga Diocesan Conventions ay ginaganap bilang pagpupulong na sumasagisag sa pagkakaisa,

kooperasyon at pakikisalamuha sa Bayan ng Diyos. Pakiusap lang na daigin natin ang problema sa lengguwahe at anyayahan ang maraming tao para dumalo.

**Sama-samang Ipagdiwang ang Kaligayahan sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon!**

Kahit sa gitna ng pang-ekonomiya at personal na walang kasegurohan, ito ang akmang panahon para sa atin bilang magkakapatid na ibaling ang atensiyon sa tinig ng Diyos, sama-samang magkakatipon palibot sa iisang hapag at habang nagbabahaginan sa bawat saya at hinagpis, ay magkakaroon ng pag-asa habang patuloy ang sama-samang paglalakbay.